PAGPIGIL SA PAGKALAT NG SAKIT SA PALAHINGAHAN SA TAHANAN

HUGASAN ANG IYONG MGA KAMAY NANG MABUTI AT MADALAS

- Hugasan ang mga kamay pagkatapos ng pag-alis ng basura sa mga basurahan at paghawak sa mga tisyu at katulad na basura.
- Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig na hindi bababa sa 20 segundo.
- Kung hindi agad makakagamit ng sabon at tubig, gumamit ng isang sanitiser sa kamay na hindi bababa sa 60% na alkohol.

BASAHIN ANG MGA TATAK SA MGA PANLINIS NA PRODUKTO

- Sundin ang mga tagubilin sa mga tatak ng produkto, kabilang ang pagsusuot ng mga guwantes at pagkakaroon ng mahusay na bentilasyon.
- Gumamit ng mga panlinis ng sambahayan at rehistrado-sa-Environmental Protection Agency (EPA) na mga pandisimpekta na naaangkop sa ibabaw.
- Upang malaman kung ang produkto ay gumagana laban sa mga virus, basahin ang tatak ng produkto, at tawagan ang 1-800 na numero sa tatak o bisitahin ang http://www.americanchemistry.com/Novel-Coronavirus-Fighting-Products-List.pdf
- Ang isang bleach na solusyon ay maaari ding gamitin bilang isang pandisimpekta - ihalo ang 1 kutsara ng bleach sa 1 litrong (4 na baso) tubig, o para sa isang mas malaking suplay, magdagdag ang ¼ tasa ng bleach sa 1 galong (16 na baso) tubig.

MADALAS LINISIN AT DISIMPEKTAHAN ANG MADALAS NA HAWAKAN NA MGA BAGAY AT MGA IBABAW NANG LAMESA.

Matigas (Hindi-Tumatagos ang Tubig) na mga Ibabaw

HALIMBAWA: Madalas-hawakan na mga ibabaw tulad ng mga patungan, lamesa, hawakan ng pinto, railing, kagamitan sa banyo, suwits ng ilaw, banyo, telepono, keyboard, remote Kontrol, tablet, at lamesa sa tabi ng higaan.

- Linisin ang mga ibabaw at mga bagay upang maalis ang nakikitang dumi at disimpektahin ang mga ito upang mamatay ang mga mikrobyo. Kapag gumagamit ng mga pandisimpekta, siguraduhin na ang ibabaw ay mananatiling basa ng hindi bababa sa 10 minuto at pagkatapos ay banlawan ng tubig, lalo na sa isang lugar na nadidikit sa pagkain. Hayaan na matuyo sa hangin.
- Basahin nang mabuti ang mga direksyon kapag gumagamit ng pandisimpekta na mga pamunasan sa mga elektronikong kagamitan upang matiyak na ang mga ito ay makakatagal sa paggamit ng maraming mga pamunasan na kinakailangan upang mapanatiling basa ang ibabaw sa sapat na oras upang matugunan ang kinakailangang oras ng kontak.

Malambot (Tumatagos ang tubig) na mga Ibabaw

HALIMBAWA: Mga tuwalya, tela, damit, at mga laruan na may laman.

- Labhan gamit ang mainit na tubig, gamit ang sabong panlaba at patuyuin sa isang mataas na init na setting

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Gabay ng CDC sa paglilinis at pagdidisimpekta sa mga kabahayan na may pinaghihinalaan o nakumpirmang coronavirus disease 2019: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/home/cleaning-disinfection.html#disinfect

Gabay ng Pampublikong Kalusugan sa tamang paraan sa paghuhugas ang iyong mga kamay: http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/ (i-click sa may menu ng handwashing)